# Dagdag na pabahay sa mga mahihirap sa QC, aprub na

Inaprubahan na ng Sangguniang Panlungsod ng Quezon City sa pangunguna ni Vice Mayor Joy Belmonte ang "housing code" na naglalayong madagdagan ang mura at ligtas na pabahay para sa mga mahihirap sa lungsod.

Sa rekord ng Quezon City hall, sa kasalukuyan ay umaabot na ng 190,000 ang mga "Informal Settlers Families" (ISF) sa lungsod.

"The housing code is a comprehensive piece of legislation meant to address all the issues concerning housing and to provide for provisions that will allow for various schemes and partnerships that will address the need for adequate and affordable housing for all low-income sectors in our city," sabi Belmonte sa isang konsultasyon kasama ang mga homeowners.

Dagdag pa niya, "This ordinance took years and years in the making and, once it is passed, this for me will be one of our greatest achievements as a council."

Ang "Quezon City Comprehensive Socialized Housing Code of 2018" ay inakda nina Councilor Marivic Co-Pilar at Alexis Herrera alinsunod sa layuning makapagbigay ng "affordable, safe and adequate housing" sa mga mahihirap sa lungsod. Higit pa rito, layunin din nitong siguraduhing may malalapit na trabaho sa nasabing mga lugar.

Ang pangunahing target ng batas ay ang mga walang tahanan at ang mga ISF sa lungsod Quezon na kinakailangan makwalipika pa ng isang "Beneficiary Selection Committee."

Ayon kay Belmonte, ang kasalukuyang "socialized housing programs" ay nagkakahalaga ng P450,000.

Ayon kay Belmonte, ang hangarin ng batas na ito ay ang pagpapanatili sa karapatan sa murang pabahay sa bawat residente ng lungsod Quezon. *(Mer Layson)*